# Contact

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na park office, tumawag sa Parks Division sa Edmonton sa numerong 780-427-3582 (libreng tawag 1-866-427-3582), o bumisita sa aming website- AlbertaParks.ca.

Scalpopod & Snail Fossils © Robert Holmberg



ISBN: 978–1–4601–1336–3-Ta
Printed March 2015

Alberta



# Mga Armas at Pangangaso

- Ang pangangaso, pagdala at pagpapaputok ng armas, ay pinagbabawal sa halos lahat ng mga provincial parks at mga recreation areas.
- Ang pangangaso ay pinahihintulutan lamang sa mga wildland parks at sa mga panahon ng limitadong-pangangaso sa ilang piling provincial parks at mga recreation areas. Para sa karagdagang impormasyon sa pangangaso sa mga lugar na ito, sumangguni sa taonang "Alberta Guide to Hunting Regulations" (may nakaprintang kopya o sa website ng Alberta Environment and Sustainable Resource Development– esrd.alberta.ca) o bumisita sa website- AlbertaParks.ca/hunting.
- Ang paglilinis, pagsasampay at pagliligpit ng balat ng mga nahuling malalaking hayop (big game) ay pinagbabawal sa mga provincial parks at mga recreation areas ng walang pormal na pahintulot ng isang conservation officer.

# Kabayo

- Ang paggamit ng kabayo o iba pang hayop ay limitado lamang sa mga nakalaang lugar at landas. Upang malaman kung aling provincial parks at mga recreation areas ang may nakalaang pasilidad ng pangangabayo bumisita sa website ng AlbertaParks.ca.

# Mga Halaman at Fossils

- Upang protektahan ang likas na kagandahan ng ating mga parke at recreation areas, tinuturing na labag sa batas ang pagtanggal, pagsira o paghamak sa mga halaman, fossils at mga bato. Ipinagbabawal din ang paggamit bilang panggatong ng mga patay na kahoy sa lupa.
- Maaring mamitas ng mga ligaw na prutas at kabute kung may pahintulot galing sa conservation officer kahit sa salita lamang.

# Pagpigil ng Krimen

Mabibilang lamang ang mga naranasang seryosong krimen sa mga parke at recreation areas; sa pamamagitan ng inyong kooperasyon, maaaari nating mapanatili ito:

- Tiyaking maayos na nakatago at naka-kandado ang iyong mga mahahalagang gamit at kagamitang pang-camping, sa tuwing aalis sa inyong camping site.
- Upang iwasan ang pagnanakaw, markahan ang inyong mga mahahalagang gamit at kagamitang pang-camping.
- Ipagbigay-alam ang mga gawaing-paninira (vandalism) sa isang conservation officer o pulis.

© Karen Stroebel



- Maging mabuting kapitbahay – tumulong sa pagprotekta ng ari-arian ng iba.

# Paglabag sa Regulasyon

Ang mga paglabag sa mga regulasyon ng provincial parks at recreational areas ay maaaring magresulta sa pagpapalayas (eviction), multa o pagkakulong.

# Conservation Officers

Ang mga conservation officers at park service rangers ay mga opisyal- pangkapayapaan sa probinsya ng Alberta. Responsibilidad nila ang pagpapatupad ng mga regulasyon at nakikipag-ugnayan sila sa mga lokal na awtoridad upang siguruhing magiging masaya at ligtas ang iyong pagbisita. Huwag mag-atubiling lumapit sa isang conservation officer kung may mga tanong o mga nararanasang problema sa inyong pananatili.



Alberta Parks

# Regulations

## Alberta's Provincial Parks and Recreation Areas

KALIGTASAN AT MGA REGULASYON
(SAFETY AND REGULATIONS)



Alberta

Ang impormasyong ito ay nakalaan bilang pangkalahatang-gabay ng ilang mga regulasyon ng Provincial Parks Act at iba pang mga batas pang-probinsya at federal na sinusunod sa mga recreational activities sa mga provincial parks at recreational areas. Maaari itong baguhin ng walang pasabi. Para makita ang kompletong regulasyon, bumisita sa website ng Alberta Queen's Printer sa qp.alberta.ca/Laws_Online.cfm (gamitin bilang search keyword ng katalog ang "Provincial Parks Act").

## Camping

- Paki-rehistro ang inyong campsite. Ang oras ng pag-alis (checkout) ay alas-dos ng hapon sa mga regular na campsites, at alas-dose ng tanghali sa mga comfort camping sites.
- Ang pinakamatagal na pananatili sa mga probinsyal na campgrounds ay 16 na magkasunod na gabi.
- Ang camping fees ay dapat bayaran sa pag-isyu ng camping permit. Ang camping permit ay hindi maaaring ipagamit sa iba.
- Ang mga camping permits ay ibinibigay ng "first-come first-served basis"maliban na lamang sa mga campground na nakareserba.
- Okupahan kaagad ng inyong mga camping accommodation unit (tent, trailer, RV) ang campsite na nakatalaga sa inyong camping permit. Kung walang nakikitang accommodation unit, ang campsite ay maaaring italaga sa iba.
- Ang pinakamaraming sasakyan, tents, recreational vehicles at trailers na maaaring gamitin sa isang campsite ay tatlo, kung saan dalawa nito ay maaaring matulugan (maliban na lang kung dalawang tents ang tinutulugan, sa kasong ito, pinahihintulutan ang dalawang sasakyan.)
- Ang camping fee ay nakalapat sa bawat yunit na matutulugan sa campsite, maliban kung ang pangalawang tulugan ay isang tent at isa lang ang sasakyan na nakarehistro sa campsite. Sa kasong ito,walang karagdagang bayad ang isang tent.
- Hindi hihigit sa anim na tao ang maaaring umokopa sa isang campsite maliban kung sila ay miyembro ng isang pamilya.
- Ang taong may hawak ng camping permit ay may pananagutan sa lahat ng gawain ng lahat ng kanyang mga kasamahan at mga bisita sa campsite.
- Lahat ng mga likido at matigas na basura ay kailangang itapon sa mga nakalaang lalagyan. Sa mga lugar ng provincial parks at recreation areas na walang nakalaang lalagyan ng basura, kailangang iligpit at dalhin ang mga ito upang itapon sa tamang lugar.
- Paki-iwasan ang paglilinis at pagligo malapit sa mga water fountains, gripo at mga balon.
- Tulungan ang inyong sarili at ang ibang mga campers na tamasahin ang kapayapaan at katahimikan ng ating mga parke at recreation areas sa pamamagitan ng pag-iwas sa labis na pag-iingay. Hindi binabalewala sa anumang oras ang maingay na pagtitipon, stereos na sobrang lakas ang ingay at iba pang magulong asal o gawain.
- Ang patuloy na pagpapa-andar ng generators ay tinuturing na labis na pag-iingay. Pakirespeto ang kalikasan at ang iyong mga kapitbahay sa pamamagitan ng paglimita ng paggamit ng generators, maliban na lang kung kailangan ito sa dahilang-medikal.
- Ang nakatakdang tahimik na mga oras sa mga provincial campgrounds ay simula 11:00 pm hanggang 7:00 am.
- Maaaring may mga nakatakdang pagbabawal sa ilang mga piling campgrounds – tumawag sa campground para sa mga kasalukuyang impormasyon bago paman dumating doon.



## Day Use

- Ang mga lugar na pang-araw lang ang gamit (day use areas) sa mga provincial parks at recreation areas ay bukas sa publiko mula 7:00 a.m. hanggang 11:00 p.m.

## Pagpigil ng Sunog

- Ang mga campfires ay maaari lamang gawin sa mga nakalaang pasilidad.
- Huwag kailanman iwanan ang inyong campfire na walang nagbabantay.
- Siguruhing lubusang nakapatay ang apoy ng inyong campfire bago lisanin ang campsite.
- Sa panahong malubha ang panganib ng sunog, maaaring ipatupad ang mga fire bans (bawal ang campfires o paggamit ng apoy) at/o bawal ang pagbiyahe.
- Maaaring ipasara ang mga campgrounds kung may malubhang panganib ng sunog sa kaligtasan ng publiko.
- Kung may makitang ligaw na apoy sa isang makahoy na lugar, ipagbigay-alam agad ito sa pinakamalapit na ranger station o tumawag sa 310-FIRE (310-3473).

## Mga sasakyan

- Palaging mag-ingat sa pagmamaneho at sumunod sa lahat ng nakatakdang bilis ng pagpapatakbo– maaaring may mga batang naglalaro sa lugar at madalas ginagamit na lakaran ang mga daan sa campground.
- Upang iwasan ang pagkasira ng mga puno at iba pang tanim, siguruhing manatili ang inyong sasakyan sa mga nakalaang daanan lamang.
- Ang paggamit ng off-highway vehicles (OHVs) ay hindi pinahihintulutan sa mga provincial parks. Ito ay maaari lamang gamitin sa mga nakalaang landas sa mga limitadong-bilang ng provincial recreation areas at wildland parks. Para sa mga karagdagang impormasyon bumisita sa website ng AlbertaParks.ca.

## Alagang hayop

- Panatilihing nakatali ang mga alagang hayop sa lahat ng oras ng inyong pananatili at habang nilalakad ito, upang maprotektahan sila, ang wildlife at ibang campers.
- Bawal ang mga alagang-hayop sa mga pampublikong dalampasigan, languyan, at sa mga pampublikong gusali.
- Paki pulot ang mga dumi ng inyong alagang-hayop.
- Alalahanin ang kapakanan ng ibang campers – siguruhing hindi sobra-sobra ang pagkahol ng inyong alagang-aso.

## Alak

- Sang-ayon sa Alberta Gaming and Liquor Act, ang pag-inom ng alak ay maaari lamang sa mga piling rehistradong campsites.
- Sa mga provincial campgrounds, pinagbabawal ang alak sa mga pampublikong lugar, pati sa:
  - Sa mga daan, landas at lakaran;
  - Sa mga pampublikong dalampasigan;
  - Sa loob ng palikuran at lugar-paliguan;
  - Sa loob ng bahay-lutuan; at
  - Sa mga bangka.
- Ang pagdala ng alak ay pinagbabawal sa mga provincial day use areas.



## Paputok

- Ang paggamit ng mga paputok ay pinagbabawal sa mga provincial parks at provincial recreation areas.

## Pamamangka

- Para sa kaligtasan ng mga lumalangoy at namamangka, sumunod sa lahat ngmga babala sa lunsaran ng mga bangka at sa lawa.
- Ang mga bangkang gagamitin sa alin mang anyo ng tubig ay dapat naaayon sa Canada Shipping Act at mga regulasyon. Para makakuha ng impormasyon ukol sa mga regulasyon ng pamamangka at pangkalahatang kaligtasan sa pamamangka, tumawag sa Transport Canada sa numerong 1–800-267-6687 o bumisita sa website ng Transport Canada's-marine transportation sa tc.gc.ca/eng/marinemenu. htm

## Pangingisda

- Kung ikaw ay residente ng Alberta at may edad sa pagitan ng 16 at 65, dapat kang kumuha ng lisensya ng pamamansing (angling license) sa Alberta.
- Ang mga hindi residente, sa kahit na anong edad, ay dapat kumuha ng lisensya ng pamamansing sa Alberta.
- Sumangguni sa taonang "Alberta Guide to Sportfishing Regulations" para sa mga tamang panahon ng pangingisda at mga limitasyon ng huli. Ang gabay ay nakaprinta at nasa website ng Alberta Environment and Sustainable Resource Development sa esrd.alberta.ca

## Wildlife

- Para sa inyong kaligtasan at upang protektahan ang mga wildlife, huwag lapitan, pakainin, o guluhin ang mga ligaw na hayop – ang mga gawaing ito ay maaaring maging sanhi ng pagkatakot ng mga ligaw na hayop, at ang mga takot na hayop ay maaaring maging panganib sa mga tao at/o kanilang mga alagang-hayop – labag sa batas ang pagpapakain ng wildlife sa mga provincial parks at recreation areas.
- Itago ang mga pagkain (pati ang mga pagkain ng mga alagang-hayop) at mga kagamitang panglinis kagaya ng sabon at toothpaste sa loob ng inyong sasakyan—huwag dalhin ang mga bagay na ito sa loob ng inyong tent o sa inyong tent trailer. Iligpit ang mga basura sa plastik na bag at gamitin ang bear-proof na mga lalagyan sa pagtapon nito.
- Upang "Ireport ang isang Mandarambong", tumawag sa 1-800-642-3800 (libre kahit saan sa Alberta).

